# SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 4 Bilang 1 | Enero-Marso 2017


# Karagdagang serbisyo ng CARD MRI, ilulunsad

ni **JEFF TANDINGAN**

**Dalawa pang institusyon ang planong itayo ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ngayong taon, ang CARD MRI Hijos Tours at CARD MRI Publishing House. Naglalayon ang mga ito na makapaghatid ng panibagong serbisyo sa mga komunidad na pinagsisilbihan ng CARD MRI.**

"Lumalaban ang CARD MRI upang makamtan ang isang bansang malaya sa kahirapan. Sa pagtulong natin sa mga pamilyang nangangailangan, nais naming hindi lamang pampinansiyal na pangangailangan ang aming matugunan kundi pati na rin ang pagpapaunlad ng kanilang kakayahan at kaalaman," pagbabahagi ni Flordeliza L. Sarmiento, Deputy Managing Director ng CARD MRI.

**CARD MRI Tour Company**

Taong 2013 nang magsimulang magkaroon ng *tour program* sa Lungsod ng San Pablo, Laguna ang CARD MRI. Naglalayon itong matulungan ang mga miyembrong magkaroon ng karagdagang pagkakakitaan habang napalalawak nila ang kanilang kaalaman at minamahal ang kuwento ng kanilang sariling bayan.

Nagsisilbing *tour guides* at *suppliers* ng pagkain ang mga miyembro ng CARD sa tuwing magkakaroon ng *tour*. Dinadaluhan ito ng mga kawani, miyembro, at *partner* ng CARD MRI sa tuwing magkakaroon ng lakbay-aral.

Dahil sa positibong tugon na natanggap ng programa mula sa mga nagsipagdalo sa *tour*, dinala na rin ang programang ito sa Leyte at Samar.

Dagdag pa ni Sarmiento, "Nais naming magkaroon ng positibong pagbabago sa komunidad na aming tinutulungan. Nais namin na habang napauunlad nila ang kanilang kabuhayan ay nagkakaroon sila ng pagpapahalaga sa ating sariling bayan."

Sa patuloy na pagtanggap sa programa, nais na gawing isang kompanya ang *tour program* na ito upang makapagbigay ng kaniyang

▸ 2


**PANREHIYON**
Pagbubukas ng mga sangay
▸ 4





**PANGKALUSUGAN**
Health Education
▸ 8





**STOCKHOLDERS' SECTION**
Bukas na liham
▸ 10




## Sangay ng CARD MBA sa Lucena City, lumipat na sa bago nitong opisina

ni **ARVIN CARBON**

Ang Lucena *Provincial Office* ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) – ang *microinsurance arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) – ay lumipat na sa bago nitong opisina sa 2F #49 Osmeña St., cor. Barcelona St., Brgy. 1, Lucena City mula sa dati nitong lokasyon sa Little Baguio, Brgy. Ibabang Dupay. Madali lamang puntahan gamit ang mga pampubliko at pribadong sasakyan ang bagong sangay na nasa sentro ng siyudad.

Ilan sa mga dumalo sa pagbasbas sa bago nitong opisina ay ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang presidente ng CARD MBA na si Eulalia Villanueva, Assistant Vice Presidents for Operations Management na sina Herminigilda P. Manuba at Glenda C. Magpantay, *management committee members*, iba pang mga empleyado, at mga kliyente.

"Ngayon, ipinagdiriwang natin ang bagong *building*

▸ 2

## CMDI, Business Math Champion sa 1st ABM Cup 2017

ni **DIANNE UBALDO**



*Kinilala ng CMDI ang mga mag-aaral sa kanilang pagsisikap at husay na ipinamalas. Mula kaliwa hanggang kanan: Dr. Edzel Ramos, Vice President for Training and Development; Ms. Glenda Lagarile, DEP Deputy Director; 10 student representatives; Ms. Analeen Suelto, DEP Senior Program Manager; at Engr. Micky Kalaw, Mathematics Instructor.*

Itinanghal na kampeon ang mga estudyante ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) sa 1st Accountancy, Business, and Management (ABM) Cup 2017, Business Mathematics Category, noong ikatlo ng Marso sa St. Anne College, Inc. sa Lucena City.

Pinangasiwaan ng Junior Philippines Institute of Accountants (JPIA) ang nasabing kompetisyon sa temang, "Like a Boss: Accountant's Guide to Success".

Ang rehiyunal na *inter-school quiz bee competition* na isinasagawa taon-taon ay bukas sa mga kolehiyo at unibersidad sa Rehiyon 4 na nag-aalok ng ABM *track* sa mga mag-aaral ng Grade 11. Ngayong taon, mayroong 270 na delegado (86-88 na mag-aaral bawat kategorya) mula

▸ 3

## Mga Likha ni Inay, malugod na sinalubong ang PHL Madrigal Singers

ni **RAFFY ANTES**



*Ang Madrigal Singers, CARD MRI clients, at ilan sa mga supplier ng Mga Likha Ni Inay.*

Sinalubong ng Mga Likha Ni Inay (MLNI), isang *retail chain store* na nakabase sa San Pablo City, ang Philippine Madrigal Singers, na tinanghal na *world's most awarded chorale group*, noong ika-25 ng Marso bago ang kinasasabikang pagtatanghal nila sa lungsod.

"Kami, sa Mga Likha Ni Inay, ay sumusuporta sa lokal na talento. Isang karangalang salubungin ang *iconic* na Filipino *chorale group*," ayon kay Julius Adrian R. Alip, Presidente at CEO ng MLNI, miyembro ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Ang adbokasiya ng Madz, ang kanilang palayaw na nakasaad sa kanilang *website*, ay makapagtanghal sa malalayong lugar sa Pilipinas na bihirang naaabot ng mga *choral artists.*

Tulad ng Madz, ang MLNI ay naglalayong makatulong sa malalayong komunidad sa pamamagitan ng pagiging tulay na nag-uugnay ng kanilang mga produkto sa maraming tao. "Nagliliyab ang aming kagustuhan na ipabatid sa mga Pilipino na ang mga likha ng ating

▸ 2

## Karagdagang serbisyo... ◂ 1

sariling kontribusyon upang masugpo ang kahirapan sa bansa.

**CARD MRI Publishing House**


Maliban sa mga produkto at serbisyong inihahatid ng CARD MRI sa mahigit apat na milyong miyembro nito, naniniwala ang organisasyong higit ding makatutulong sa mga komunidad na pinagsisilbihan nito ang pagbibigay ng mga positibong impormasyon at komunikasyon na mag-aangat pa sa bawat indibidwal ng kanilang kaalaman at kamalayan na magbubukas naman ng mga oportunidad para sa kanila.

"Ang pagtulong sa ating kapwa na makaahon sa kahirapan ay hindi lamang puro pampinansiyal. Maraming aspeto ang dapat isaalang-alang. Narito na ang ating mga programang pang-edukasyon, pangkalusugan, at produktong seguro. Ang paghahatid din ng mahahalagang impormasyon ay isang mahalagang bagay upang maunawaan ang kanilang sitwasyon at kung paano nila ito maisasaayos," dagdag ni Sarmiento.

Sa ngayon, inilalatag na ang planong pagbubukas ng isang *publishing house* ng CARD MRI upang maglathala ng mga pahayagan at iba pang publikasyong makatutulong sa mga kliyente nito.

**Ang 14 na institusyon ng CARD MRI**

Sa ngayon, may 14 na institusyon na ang CARD MRI na nagtutulungan upang maingat ang kalidad ng pamumuhay ng mahihirap. Binubuo ito ng apat na *microfinance institutions* na kung saan tatlo ay pawang mga bangko, tatlong kompanyang nagbibigay-seguro, paaralan sa *senior high school* at kolehiyo, *IT company*, dalawang *leasing companies*, parmasya, at dalawang kompanyang tumutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng mga negosyo at produkto ng mga kliyente nito upang makilala sa iba't ibang panig ng bansa. Nagkakaisa ang mga ito sa pag-abot sa mga layunin ng CARD-MRI.




## Madrigal Singers... ◂ 1



*Ang Madz sa kanilang pagbisita sa MLNI store (center, L-R) Brgy. Captain Carmela Acebedo, Ambassador Romy Manalo, at Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Managing Director ng CARD MRI.*

mga nanay ay kayang makipagkompetensya sa merkado," ayon kay Alip. Dagdag pa niya, ang *microentrepreneurs* ng MLNI ay tumutulong sa karamihan na magkaroon ng *access* sa mga walang kapasidad na makipagkompetensya sa merkado.

Ang konsepto ng MLNI ay isang pangarap na napagtanto. Noong 2014, mula lamang sa isang programa, ang MLNI ay isa na ngayong hiwalay na institusyon sa lumalaking pamilya ng CARD MRI.

"Patuloy naming palalakasin ang aming pangako na pagtataguyod ng lokal na materyales na nililikha ng *microentrepreneurs* na halos mula sa *rural communities* kung saan naroon ang CARD MRI," dagdag pa ni Alip.

Sa kasalukuyan, ang MLNI ay sumusuporta sa higit 1,000 na lokal na *microentrepreneurs* sa buong bansa na nagsu-*supply* sa iba't ibang pangangailangang materyales ng MLNI sa mga produkto tulad ng pagkain, damit at mga kasangkapan.

"Mapalad ang San Pablo City na mag-*host* at masaksihan ang *world class performance* ng Madz," sabi ni Ambassador Romy Manalo, na *co-sponsor* sa *benefit concert.* Dagdag pa rito, ang mga benepisyaryo nito ay *high school indigenous people* ng San Pablo na nais tapusin ang kanilang pag-aaral.

Ito ang unang pagtatanghal ng Madz sa San Pablo City. Ang konsiyerto ay may temang "Himig ng Pitong Lawa" ayon sa kilalang pitong lawa ng San Pablo City. Ang *benefit concert* ay inorganisa ng Bro. James Dunne S.J. Scholars Association, Inc., CARD MRI, at iba pang lokal na *sponsors.*

## Sangay ng CARD MBA... ◂ 1

ng CARD MBA. Ang gusali ay pagmamay-ari ng mga miyembro bilang may-ari na rin ng CARD MBA," sabi ni Dr. Alip.

Ayon sa presidente ng CARD MBA na si Eulalia Villanueva, na miyembro ng CARD mula pa noong 2000 at *stockholder* mula pa noong 2005, siya ay masaya sa pagkakalipat sa bagong opisina ng CARD MBA. Aniya, dahil dito ay magiging mas mabilis ang mga *microinsurance service* na maibibigay sa mga miyembro ng CARD MBA.

Ibinahagi naman ni Annabel Revadeniera, miyembro ng CARD simula pa noong 2004, na tumutulong ang CARD MRI sa mahihirap na pamilya sa pamamagitan ng tulong-pinansiyal, *microinsurance*, at tulong sa edukasyon. Ayon sa kaniya, bilang miyembro ng CARD MBA, siya ay nakatatanggap ng dagdag na benepisyo mula rito katulad ng suporta lalo na sa panahon ng kalamidad. Dagdag pa niya, dahil sa CARD MBA, hindi na niya kinakailangang manghingi ng abuloy. Dahil dito, masasabi niya na siya ay nakaseguro na.

Ang CARD MBA ay *separate* at *legal entity* na pagmamay-ari at pinamamahalaan ng mga miyembro nito. Nagbibigay ito ng mga *microinsurance product* katulad ng *basic life insurance,*

▸ 5



# CARD Bank, magbubukas ng tatlo pang sangay sa Mindanao sa 2017

ni **RAFFY ANTES**

Nakatakdang magbukas ang CARD Bank ng tatlo pang sangay sa Malita, Davao del Sur, Midsayap, North Cotabato, at Nabunturan, Compostella Valley sa una at pangalawang bahagi ng taong ito.

Nagbukas ang CARD Bank ng unang sangay nito sa Mindanao sa Davao City sa Magallanes Street noong 2007. Pagsapit ng Disyembre 2016, ang bangko ay mayroon ng walong sangay na sumasakop sa mga lugar sa Davao City, Davao del Sur, Cotabato, Davao del Norte, at Davao Oriental.

Ayon sa Presidente at CEO nito na si Marivic Austria, ang pagpapalawak ng CARD Bank sa Mindanao ay bahagi ng pagpapayaman at pagbibigay-lakas sa mahihirap na sektor ng lipunan.

**Microfinance at development services**

Idinagdag ni Austria na magbibigay ang bangko sa mga kliyente nito nang mas malawak na saklaw pagdating sa mga serbisyong pampinansiyal katulad ng mga pautang para sa negosyo, agrikultura, pabahay, *solar,* edukasyon, at kalusugan.

Mayroon ding *savings account* para sa mga miyembro at mga anak nila. Nag-aalok din ang bangko ng *domestic* at *international remittances.*

Iniuugnay rin ng bangko ang mga kliyente nito sa ilang *developmental services* katulad ng pagkakaroon ng *access* sa *microinsurance, business development service* at *marketing support,* suporta sa edukasyon, at serbisyong pangkalusugan. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay-tulong sa *microinsurance* at *business development* na bahagi ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) kung saan miyembro ang CARD Bank.


**Daan patungo sa asset ownership**

Mula pa noong 1986, ang CARD MRI, na miyembro ng CARD Bank ay naging matatag at nakatuon sa pagbibigay-lakas sa mga buhay ng mga kapos na kababaihan at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang bangko na pagmamay-ari ng mga miyembro.

Ayon sa tagapagtatag at punong tagapamahala ng

▸ 5




## CMDI kampeon... ◂ 1

sa 23 na paaralang lumahok sa mga sumusunod na kategorya ng ABM: 1) Organization and Management; 2) Business Math; at 3) Fundamentals of Accounting, Business, and Management 1.

Ang mga mag-aaral ng Grade 11 na sina Rein Romari Malabana, Mike Dianne Chelle Vio, Rica Jane Espinosa, Marinela Hernandez, at Trisha Joy Ancajas ay nagpakita ng kahusayan sa katergoryang Business Mathematics. Sila ay nakakuha ng 328 na puntos at nagwagi sa unang pwesto. Ang Manuel S. Envarga University Foundation-Lucena at STI College Lucena ang nakakuha ng ikalawa at ikatlong puwesto, ayon sa pagkakakanggit. Si Rein Romari Malabana ang pumangalawa sa pangkalahatang ranggo. Dagdag pa rito, si Marinela Hernandez at Mike Dianne Chelle Vio ay nakuha ang ika-anim at ika-walong puwesto sa parehong kategorya.

Samantala, sina Ma. Kathleen Victoria, Edrian Banania, Veronica Guevarra, Erica Reyes, at John Drin Malabanan ang mga delegado ng CMDI para sa Fundamentals of ABM 1 Category.

"Ito ay isang magandang *exposure* para sa aming mga mag-aaral upang makipag-ugnayan sa iba pang mga paaralan at upang ipakilala ang CMDI bilang isang paaralan," ayon kay Ms. Glenda Lagarile, Deputy Director ng Degree Educational Partnership (DEP).

Kinikilala ng institusyon ang tulong at suporta sa mga sumusunod na *coach* sa tagumpay na ito: Engr. Micky Kalaw, Mathematics Instructor; at, Ms. Leniefer Pielago at Ms. Ara Joyce Villegas, Accounting Instructors.

"Ang aming mga kinatawan ay naghandang mabuti para sa kompetisyong ito," ayon kay Ms. Lagarile. "Kung manalo o matalo man kami, ang pinakamahalaga ay ang karanasan, *exposure*, at *learnings*," kaniyang idinagdag.

Ang sampung mag-aaral ay umani ng papuri at pagbati habang ang mga ito ay kinikilala sa *morning assembly* ng CMDI noong ika-anim ng Marso. Pinuri ni Dr. Edzel Ramos, Vice President para sa Training and Development, ang kanilang kahanga-hangang kagalingan at pagbibigay sa CMDI ng isang magandang dahilan upang ipagmalaki.

# BALITANG PANREHIYON

## Sangay ng CARD Bank sa Kidapawan sa North Cotabato, binuksan

ni **ARVIN CARBON**

Nagpalawak ng serbisyo sa mas maraming pamilya ang CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank* at *member institution* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pagbubukas nito ng ika-79 na sangay sa Kidapawan, North Cotabato.

Ang sangay na ito ay ang ika-walo sa Mindanao. Binuksan ng CARD Bank ang una nitong sangay sa Mindanao sa Magallanes, Davao City; noong Oktubre 2007. Dagdag na mga sangay ang pinasinayaan sa Tagum at Malalag sa Davao del Norte, Mati, Davao Oriental; Buhangin at Matina sa Davao City, at nito lamang ay sa Kabacan, North Cotabato. Pinaplano nito ang pagbubukas ng tatlo pang mga sangay sa Nabunturan, Midsayap, at Malita sa Mindanao sa unang bahagi ng 2017.

Ayon kay Marivic Austria, Presidente at CEO ng CARD Bank, ang CARD MRI ay nagbibigay ng higit pa sa mga serbisyong pinansiyal; mayroon din itong mga programa para sa kalusugan, kabuhayan, at edukasyon. Nag-*invest* din sila sa isang ospital sa Tayabas, Quezon. Dagdag pa niya na lalo pa silang magpapalawak dahil na rin sa pagnanais na maabot ang mga maraming Pilipino at makapagbigay sa mga ito ng serbisyo na kinakailangan nila. Aniya, ang CARD MBA, na *microinsurance arm* ng CARD MRI, ay nakikipagtulungan sa iba't ibang *memorial institutions* upang makapagbigay ng *memorial plans* para sa mga *member-borrower* ng CARD MRI.

Ang *executive* at *management committees* ng CARD Bank at iba pang institusyon ng CARD MRI, kasama na ang ilang miyembro mula sa Kidapawan, ay dumalo sa pagbubukas ng bangko.

Nagsisilbi na sa dalawang milyong kliyente sa buong bansa ang CARD Bank mula pa noong Disyembre 2016. Ito rin ay BSP *hall of fame awardee for financial inclusion*.




## CARD Bank Lucena branch, lumipat na sa bago nitong opisina

ni **ARVIN CARBON**

Lumipat na ang CARD Bank Lucena sa bago nitong opisina sa 49 Osmeña St. Cor., Barcelona St., Brgy. 1, Lucena City noong ika-16 ng Enero, 2017.

Ilan sa mga dumalo mula sa CARD MRI ay ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Presidente ng CARD MBA na si Eulalia Villanueva, at Assistant Vice President for Operations Management Herminigilda P. Manuba. Dumalo rin sa nasabing pagtitipon ang *management committee members*, mga tauhan, at mga kliyente.

▸ 5

## Bol-anon, wagi sa Pagkilala sa Mga Likha ni Inay Awards 2016 ng CARD MRI

ni **ARVIN CARBON**

Nagwagi ang isang *member-borrower* ng CARD, Inc. sa katauhan ni Gng. Mera Flor R. Dumalaoron, mula sa Pinayagan Sur, Tubigon, Bohol, sa ginawang Pagkilala sa Mga Likha ni Inay (PsMLNI) 2016 Awards na ginanap noong ika-16 ng Disyembre, 2016 sa CARD-MRI Development Institute (CMDI).

Ang mga nagwagi sa PsMLNI Awards ay pinili mula sa bawat *financial institution* ng CARD MRI. Si Dumalaoron, pitong taon nang sumusuporta sa CARD, ay isang mag-uuling, may-ari ng sari-sari *store* at *canteen*, at bumibili at nagbebenta ng kopra at bao ng niyog.

Ilan pa sa mga nakatanggap ng parangal ay sina Gng. Wilma N. Pillejera, mayroon ding sari-sari *store*, panaderya, *agrivet wholesaler*, at *retailer* mula sa CARD Bank, Inc. sa Masbate; si Gng. Anita M. Aranda, nagtatanim ng pipino, ampalaya, at kamatis, mula sa CARD SME Bank, Inc. sa Batangas; at si Gng. Maria Cristy P. Panisa, may-ari ng isang karinderya at *food establishment* mula sa Rizal Bank, Inc. sa Lungsod ng Parañaque City. Iginawad ang mga espesyal na parangal kina Gng. Rosalyn P. Espenorio bilang Gawad Masigasig Awardee at Gng. Carmelita C. Dapanas bilang Gawad Malikhain Awardee.

Pinasalamatan naman ni Gng. Dumalaoron ang Panginoon, ang kaniyang pamilya, at ang CARD MRI dahil sa pagiging matatag nitong katuwang sa kaniyang negosyo. Hinihiling din niya ang patuloy na pagpapala ng institusyon sa ibang tao.

▸ 5






## Sangay ng CARD MBA... ◂2

*retirement savings funds, credit life* at *golden life insurance,* at *non-financial services* katulad ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP), at *mass weddings* sa apat na *financial institutions* ng CARD MRI – CARD Inc., CARD Bank, Rizal Bank Inc., at CARD SME Bank, Inc.

Noong Disyembre 2016, nakapagseguro na ang CARD MBA ng higit sa 12 milyong indibiduwal sa buong bansa.

## CARD Bank, Lucena... ◂4

Matatagpuan ang bagong sangay sa gitna ng lungsod at madali lamang marating ng mga pampubliko at pribadong sasakyan. Nilalayon ng bangko na makakuha pa ng mas maraming kliyente at makapagbigay ng mas magandang *banking experience*.

Ayon kay Dr. Alip, ang pagpapala na ito ng bagong gusali na pagmamay-ari ng CARD MBA ay nagpapakita ng pagkakaisa sa CARD MRI. Ang CARD MRI ay mayroong nasa 2,400 na sangay kasama na ang *units,* higit sa 4.2 milyong kliyente, at higit sa 11,500 na kawani. Unang nagbukas ang CARD Bank ng sangay sa Lucena noong ika-18 ng Pebrero 2008.

Ibinahagi ni Annbel Revadeniera na miyembro ng CARD mula pa noong 2004 ang pagtulong ng CARD MRI sa mahihirap na pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng tulong-pinansyal, *microinsurance,* at tulong sa edukasyon. Bilang isang *stockholder*, siya rin ay nakatatanggap ng dagdag na mga benepisyo katulad ng dibidendo at suporta lalo na sa oras ng pangangailangan.

Ang *client-base* ng CARD Bank sa Lucena ay patuloy lamang sa pag-unlad mula pa noong pagkakatatag nito siyam na taon na ang nakalilipas. Sa gitna ng paglago nito, ang bangko ay patuloy lamang sa pag-aalok ng mga produkto at magandang serbisyo sa mga *microfinance client* at publiko sa Lucena at kalapit na bayan.

Nagsisilbi na ang CARD Bank sa mahigit dalawang milyong kliyente nito.

## Bol-anon wagi... ◂4

Kinilala rin ng CARD MRI sa *awarding ceremony* ang mga napili bilang *finalist* sa 2016 Citi Microentrepreneur of the Year. Sila ay sina Gng. F. Aguilar mula sa Siniloan Branch, at si Gng. Arlene Mabute mula sa Antipolo City Branch na kapwa mula sa Rizal Bank, Inc.

Ayon naman sa tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, magpapatuloy ang CARD MRI sa pagkilala sa puspos na pagtatrabaho ng kanilang mga kliyente. Dagdag pa niya na sa susunod na taon, kinakailangan nang magdagdag ng panibagong kategorya upang makilala ang kahalagahan ng pamilya sa tagumpay ng institusyon. Aniya, pinahahalagahan ng CARD MRI ang pamilyang Pilipino dahil ito ay mayroong malaking kontribusyon sa tagumpay ng kanilang mga kliyente.

Kilala noon bilang "Galing ni Nanay," ito ay isang pambansang programa ng CARD MRI na naghahanap ng mga kliyente na mayroong hindi matatawarang dedikasyon sa kanilang trabaho, dangal, at sigla sa pagnenegosyo.

Magpapatuloy ang CARD MRI sa pagbibigay ng lakas sa mga naghihikahos na kababaihan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng daan sa mga serbisyo katulad ng pinansiyal, *microinsurance*, kalusugan, edukasyon, kasanayan sa pangkabuhayan, at iba pa. Magpapatuloy rin ito sa pagkilala sa trabaho ng mga kliyente sa pagbuo ng mas maliwanag na kinabukasan para sa mga pamilya at komunidad.

## Sangay sa Mindanao... ◂3


CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, kahit na parang imposible, kanila pa ring napagtanto na ipagpapatuloy ang kanilang mga pangarap dahil na rin sa dedikasyon ng mga kasamahan, at ganoon din sa patuloy na suporta ng kanilang mga *stakeholder.*

Noong 2000, binuksan ng CARD Bank ang pintuan nito sa mga kliyente na nagnanais na maging kamay-ari ng bangko. Ang mga miyembrong ito ay maaaring bumili ng *shares* ng *stocks* ng CARD Bank, Inc. sa pamamagitan ng kanilang mga ipon.

Dagdag ni Austria, bilang *stockholders,* makatatanggap sila ng taunang dibidendo. Upang mas mapahalagahan ang partisipasyon ng mga miyembro sa pagbuo ng mga polisiya at pamumuno, mayroong mga piling miyembro na nakaupo bilang Board of Directors ng bangko.

Si Pascuala Geñoso na miyembro ng CARD sa loob ng higit sa 11 taon at isa sa Board of Directors ng CARD Bank ay nagpasalamat sa institusyon dahil sa pagbibigay sa kaniya ng pagkakataong maging bahagi ng iginagalang na bangko.

Aniya, ni wala sa kaniyang isip na magiging bahagi siya ng Board of Directors. Para sa kaniya, isa itong malaking responsibilidad dahil nire-representa niya ang kapwa niya miyembro.



EDITORYAL

# Mga Bagong Hamon sa CARD MRI




Dalawang kaabang-abang na kaganapan ang ating masasaksihan ngayong 2017. Upang mas mapalawak pa ang serbisyong naibibigay ng CARD MRI, dalawang bagong institusyon ang kanilang ilulunsad. Ito ay ang CARD MRI Tour Company at ang CARD MRI Publishing House. Ngunit paano nga ba makatutulong sa miyembro ang mga institusyong ito?

Mula noon hanggang ngayon, patuloy na ginagampanan ng CARD MRI ang layunin nitong matulungan ang mga miyembro, kliyente, at ang bawat pamilyang Pilipino na mapabuti at maiangat ang kalidad ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay-serbisyo ng iba't ibang institusyon nito. Sa ngayon, ang 14 na institusyon ng CARD MRI ay nagtutulungan upang mapaganda ang kalagayan ng pamumuhay ng mga Pilipinong mahihirap. Halimbawa na rito ang *microfinance institutions* na nag-aalok ng *loan* at *microinsurance companies* na nag-aalok naman ng seguro. Mayroon ding mga programang pang-edukasyon mula sa paaralang pang-sekundaraya at pang-kolehiyo na pinamamahalaan ng CARD, mga programang pangkalusugan na ginagawa sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, at ang pagpapaunlad ng mga kalidad ng produkto ng kanilang mga kliyente para maibahagi ito sa iba pang lugar sa ating bansa.

Ngayon, ninanais ng CARD MRI na mas mapalawak pa nito ang kanyang naabot. Bukod sa pampinansyal na tulong sa pamilyang Pilipino, ang pagbabahagi ng impormasyon at sapat na kaalaman, gayundin ang pagbibigay ng kabuhayan ay pagtutuunang mabuti ng pansin ng institusyon. Hindi na bago sa CARD MRI ang mga gawaing ito ngunit ang pagbubukas ng CARD MRI Tour Company at ng CARD MRI Publishing House ay pormal na magtatakda ng mga panibagong hamon sa institusyon.

Layunin ng CARD MRI Tour Company na magbigay ng karagdagang pagkakakitaan para sa mga miyembro ng komunidad at nagbibigay ito ng oportunidad para maging malawak ang kanilang kaalaman sa sarili nilang bayan. Ito ay nagsimula sa San Pablo, Laguna kung saan ang mga miyembro ng komunidad ang nagsilbing mga *tour guides* at *supplier* ng makakain ng mga turista. Dahil sa tagumpay na ito sa San Pablo, nagdesisyon ang CARD MRI na gumawa ng institusyon na tututok sa mga gawaing ito. Dahil sa tagumpay ng nasabing programa, kasalukuyan na rin itong ginagawa sa Samar at Leyte. Sa ganitong paraan, matutulungan ng CARD na mapaunlad ang industriya ng turismo sa ating bansa. Kalakip nito ang pagsibol at pagtaas ng pagpapahalaga ng mga mamamayan ng komunidad sa kanilang bayan.

Ang pangalawang bagong institusyon na itatayo ng CARD MRI ngayong taon ay ang CARD MRI Publishing House kung saan dito ililimbag ang mga publikasyon at pahayagan ng CARD. Kinikilala ng CARD ang kahalagahan ng sapat na impormasyon ng kanilang mga miyembro at kliyente. Ito ay isa sa mga paraan upang paunlarin ang kanilang kalagayan sa buhay. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, mas magkakaroon ng dagdag na kaalaman at kakayahan ang mga miyembro ng CARD at mas mabibigyan din sila ng mga panibagong oportunidad para mapaunlad ang kanilang buhay.

Sa pamamagitan ng dalawang bagong institusyon ng CARD MRI, mas lalawak ang bilang ng matutulungan nito. Mapapaunlad din nito ang iba't ibang aspeto ng bawat indibidwal at hindi na lang sa pampinansyal kundi pati na rin sa aspeto ng dagdag-kaalaman at pangkabuhayan. Sinisikap din ng CARD na mamulat ang bawat indibidwal sa kamalayang pangkomunidad o *sense of community.* Binigyan-pansin din dito ang pag-unlad ng sariling kakayahan ng bawat Pilipino kalakip ng pag-unlad ng kanilang pang-ekonomikong kalagayan. Sa patuloy na pag-usad ng CARD MRI, minimithi nito na mas matulungan ang bawat Pilipino sa pagtataguyod ng magandang bukas para sa ating bansa.

SULONG!
Editorial Board

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Cleofe Figuracion**
*Managing Editor*

**Raffy Antes**
**Jeffrey Tandingan**
**Arvin Carbon**
**Charlene Ruth Espenilla**
*Writers*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Associate Editor*

**Cristy Enriquez**
**Dianne Ubaldo**
**Guada Brion**
**Paul Dumdum**
**Ruby Coma**
*Contributors*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

**CARD MRI Head Office**
20 M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

**CARD Mutually Reinforcing Institutions**
Official Facebook Page

# Mensahe mula sa Tagapagtatag at Tagapamahala ng CARD MRI



**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**

Lubos ang aking pasasalamat at kagalakan sa inyong lahat sa pagiging kabahagi ng 30 taon ng CARD. Tunay ngang hindi tayo aabot ng ganito katagal kung hindi dahil sa inyong patuloy na pagtangkilik at pagsuporta.

Ang CARD MRI ay nagdiwang ng *year-long* na anibersaryo sa Laguna, Baguio, Cebu, at Tagum City. Nagsimula ito noong Marso 2016 hanggang Pebrero 2017. Ito ay upang gunitain ang walang-sawang pagsuporta ng ating mga kliyente, miyembro, kawani, at *partners* sa buong bansa.

Noong March 16, 2016, ginanap ang *Opening Program* ng ating anibersaryo kung saan ang dating Presidente Benigno "Noynoy" Aquino III ang ating *guest speaker*. Noon namang ika-10 ng Disyembre 2016, na siya ring mismong araw ng ating anibersaryo, ay ginanap natin ang ikalawang selebrasyon at dinaluhan ni Vice President Leni Robredo at Senator Bam Aquino. Dagdag pa rito, ginanap ang ika-tatlong selebrasyon natin sa Baguio City noong ika-28 ng Enero taong kasalukuyan. Dinaluhan naman ni Senator Bam Aquino ang ika-apat nating anibersaryo sa Cebu City noong ika-11 ng Pebrero. Bilang wakas, ang ika-limang selebrasyon ay ginanap naman sa Tagum City noong ika-25 ng Pebrero.

Ang limang selebrasyon ay nagbigay rin ng pagkilala sa matatapat na kawani na nagsilbi sa CARD sa matagal na panahon. Ang pagkilala ay ikinategorya sa tatlong iba't-ibang antas ayon sa kanilang taon ng serbisyo. Mayroong *Loyalty Award* para sa mga kawani na naglingkod sa loob ng lima hangang 30 taon. Batid namin ang dedikasyon ng ating mga kawani sa CARD at buong puso ang aming pasasalamat sa bawat isa, sa inyong walang kapantay na paglilingkod.

Sa nakalipas na tatlumpung taon, ang CARD MRI ay lumago sa 14 na *mutually reinforcing institutions* at patuloy na naghahatid ng mga programa at serbisyo sa higit na apat na milyong pamilyang Pilipino sa buong Pilipinas. Tayo ang naging daan at sandalan upang maabot nila ang kanilang mga pangarap. Patunay dito ang iba't ibang kuwento ng tagumpay ng ating mga miyembro. Sa pamamagitan ng ating mga programa at serbisyong handog ay natulungan nating maiangat ang kalidad ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

Tila nga hindi naging madali ang mga pinagdaanan natin sa mga panahon na nagdaan. Maraming pagsubok na kinaharap ngunit sa ating pagtutulungan at tiwala sa Maykapal, ang lahat ng ito ay ating nalampasan.

Sa pagdiriwang ng ika-tatlumpung taon ng CARD MRI, aming ipinababatid ang lubos na pasasalamat sa lahat ng tumulong at naging instrumento upang makatulong sa marami na magkaroon ng maayos na pamumuhay. Asahan ninyo na sa susunod na mga taon ay patuloy ang aming walang sawang paghahatid ng mas pinagandang mga programa at serbisyo hanggang sa wala nang ni isang pamilya ang makararanas ng kahirapan.

Nawa ay sa susunod pang mga taon ay sama-sama pa rin tayong lahat sa pagtaguyod ng magandang bukas para sa ating bayan.

Maraming salamat at Happy 30th Anniversary sa ating lahat!

## REPLEKSYON

ni CRISTY ENRIQUEZ

# *Mga Paraan upang Maipakita ang Pagpapahalaga sa Trabaho*

Ang kawalan ng trabaho o hanapbuhay ay sadyang napakahirap. Marami sa atin ang umaasa sa ating kinikita mula sa kompanyang ating pinagtatrabahuhan. Ang pinagkakasyang *budget* ng pamilya ay karaniwang nakasalalay sa laki o dami ng ating kita ngunit hindi lahat sa atin ay nagtatagumpay bilang manggagawa/empleyado sa kompanya o sa mga pinasok na klase ng hanapbuhay. Maraming dahilan kung bakit hindi sila nagtatagumpay sa kanilang mga propesyon o trabaho at isa na rito ay ang kawalan o hindi pagpapahalaga sa uri o klase ng hanapbuhay na mayroon sila.

Narito ang ilan sa mga epektibong paraan upang mapanatili ang inyong mga trabaho at magtagumpay sa hanapbuhay:

**1. Maging bahagi ng pamilya.**

Ituring mong parte ng iyong pamilya ang kompanya, ang mga pinuno, at kapwa mo empleyado nang sa gayon ay maging mas malapit ito sa iyong puso. Pahalagahan mo ang iyong trabaho gaya ng pagpapahalaga mo sa iyong pamilya. Maging responsable at magkaroon ng pagpapahalaga at respeto sa mga taong nakakasama at nakakatulong mo upang magampanan mo ang iyong mga tungkulin. Mahalin mo ang iyong "bagong pamilya" at siguradong mamahalin ka rin nito.

**2. Tandaan: Ang bawat oras ay mahalaga.**

Ang iyong pinaka-mahalagang kasangkapan sa paghahanapbuhay ay ang ORAS; gugulin ito ng mahusay. Huwag sayangin o mamuhunan ng walong oras sa opisina sa paglikha lamang ng isang bagay o proyekto kung kaya mo naman itong tapusin sa maikling preparasyon. Mas marami kang magagawa at matatapos kung magkakaroon ka ng maayos na pagpaplano bago umpisahan ang iyong maghapon. Maaari kang mag-umpisa sa pagtatala ng mga dapat mong tapusin o mga mahahalagang gawain *"To Do's"*. Umpisahan mo ang iyong listahan sa pinakamahirap hanggang sa pinakamadali o *vice versa.* Alamin ang mga *deadlines* ng bawat gawain upang sa gayon ay mabigyan ng sapat na panahon upang matapos ang bawat gawain nang hindi nagigipit sa panahon at mas maayos itong maisagawa.

**3. Purihin ang iyong sarili ('wag lang parati/sobra).**

Ang mga naiambag mo sa paglago ng inyong kompanya, mga natapos na proyekto o kahit ang simpleng gawaing natapos mo ng buong husay ay hindi magsasalita para sa iyo. Maaari mong papurihan ang iyong sarili sa harap ng iyong mga kasama sa mapagpakumbabang paraan. Halimbawa, kung nagtagumpay kayo sa isang proyekto na ikaw ang naging punong abala, maaari mong batiin at pasalamatan ang lahat ng iyong mga kasama sa tagumpay ng inyong proyekto. Sinisiguro kong ang pagod at hirap mo ay aani rin ng papuri mula sa iyong mga kasama at magkakaroon sila ng kumpyansa sa iyo upang ipagkatiwala ang mga susunod pang proyekto.

**4. Alamin ang mga *"Deal or No Deal Situations"*.**

May mga ilan sa atin na walang *talent* sa pakikipagkasundo. Maaaring dahil may gusto sila na meron ang iba o kaya naman ay may isang bagay silang ayaw nilang pakawalan o may punto silang pinaninindigan. Ngunit maging ito man ay isang malaking kontrata, trabaho, *promotion,* o isang bagong proyekto o oportunidad, dapat ay marunong pa ring tumimbang sa bigat ng trabahong nakaatang sa 'yo dahil kung hindi, maaari kang mapasubo sa bagay na kalaunan ay hindi mo pala magugustuhan at sa bandang huli ay pagsisisihan mo lang. Ang trabahong gusto mong gawin ay may mas malaking potensyal na magawa mo ng tama, maayos o higit pa. Mas mabuti kung ipauubaya mo na lamang muna sa iba ang trabaho, gawain, at tungkulin na sa tingin mo'y nangangailangan ng higit pa sa iyong nalalaman at kakayahan. May panahon ang lahat ng bagay. Maaaring sa ngayon hindi mo pa kaya pero malay mo sa susunod at sa kakaobserba mo sa iba ay matutunan mo na.

**5. Maging matalino.**

Maraming empleyado ang hindi nauunawaan o kulang ang kaalaman pagdating sa takbo ng operasyon ng kanilang kompanya. Maging pamilyar sa inyong *organizational chart* at *reporting structure.* Pag-aralan mo at unawain ang pinansyal na katayuan ng inyong departamento at gumastos ng naaayon lamang sa pangangailangan ng isang proyekto. Sa ganitong paraan, malalaman mo kung sino at kanino nakasalalay ang isang parte ng operasyon ng inyong kompanya at mas magiging responsable ka pa sa paggamit ng *resources* na mayroon sa inyong kompanya.

Pag-aralan mo ring huwag mag *by-pass* sa mga nakaupo sa posisyon at matutong humingi ng payo at gabay sa mas nakatataas o nakatatanda. Matuto sa kanilang karanasan… (dahil balang-araw, ang iyong natutunan ay magiging kapaki-pakinabang).

**6. Maging tagasulong ng pagbabago.**

Hindi mo naman kailangang maging aktibista o magprotesta para magsulong ng mga suhestiyon o pagbabago na

▸ 8

# BALITANG PANGKALUSUGAN

## Health education at mga programang pangkalusugan ng CARD MRI, nagsimula nang umere sa Radyo ng Bayan Lucena

ni **ARVIN CARBON**



*(R-L) Ms. Leonie L. Algire, program host (Kabalikat sa Pagbabago,) Dr. Roderick Belen, Deputy Director for Microfinance at Health Protection Unit, at Ms. Cleofe M. Figuracion, Deputy Director for Corporate Communications Unit.*

Lucena City – Nagsimula na ang CARD MRI, sa pamamagitan ng Community Development Group, ng *regular* na *radio guesting* nito noong ika-9 ng Pebrero, 2017 sa Radyo ng Bayan, DWLC 1017 kHz. Tinalakay sa programang Kabalikat sa Pagbabago ang mga karaniwang problema sa kalusugan kasama na ang mga serbisyo nito.

Bumuo ng *partnership* ang CARD MRI sa Radyo ng Bayan Lucena, isang AM *radio station* na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Philippine Broadcasting Service upang makatulong sa pagbibigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa kalusugan. Nakatutok ang buwanang *radio guesting* sa *health education* at iba pang isyu na nakapaloob dito. Umeere ito tuwing ikalawang Huwebes ng buwan. Si Dr. Roderick G. Belen, ang Deputy Director of Microfinance and Health Protection (MaHP), ang isa sa magiging regular na tagapagsalita rito.

Matagumpay ang CARD MRI sa pagpapatupad ng Microfinance and Health Protection (MaHP) Program o mas kilala bilang CARD Health Pinoy Programs mula pa noong 2007. Nakapagtatag na ito ng iba't ibang *partnership* sa mga *medical practitioner* at mga ospital sa Pilipinas; nakapag-*hire* na rin ng mga *medical practitioner* upang makapagbigay ng mga serbisyong medikal sa mga kliyente ng CARD MRI, mga pamilya nito, at mga komunidad.

Ayon kay Dr. Belen, sila ay nakipag-*partner* na sa

▸ 11







**Community Health Day sa Zambales.** Mahigit sa 1,300 indibiduwal ang nahatiran ng CARD MRI ng serbisyong medikal, dental, at optikal sa mga bayan ng San Narcisso, Subic, at Olongapo sa probinsiya ng Zambales. Isinagawa ang tatlong araw na Community Health Day (CHD) upang mailapit at makapaghatid ng pormal na serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad nito.



**Microfinance Plus.** Higit sa mga serbisyong pampinansiyal, ang mga kliyente ng *microfinance* ng CARD, Inc. at ang mga benepisyaryo nito sa Sulu, Basilan, at Zamboanga City ay nakatanggap din ng libreng serbisyong medikal bilang bahagi ng *community development initiative* ng institusyon. Higit sa 2,400 ang nakinabang sa medikal, dental, at optikal na serbisyo na hatid ng mga *partner provider* ng CARD, Inc. Nagpadala rin ang Camp Bud Datu sa Sulu ng isang *lieutenant dentist* at mga tauhan sa mga *health fair*. Ang *community health fair*, bilang isa sa mga *microfinance plus program* ng CARD, Inc., ay regular na isinasagawa sa buong bansa. Ang iba pang mga programa ay kinabibilangan ng pang-edukasyon, pangkalikasan, at *capacity building*. Isang *social development organization* ang CARD MRI na naglalayong wakasan ang kahirapan sa bansa.






## Repleksyon... ◂ 8

ninanais mo para sa ikagaganda ng inyong kompanya. Kung may nais kang iparating o bagay na sa tingin mo ay magiging magandang ideya para simulan ang isang bagong proseso ay huwag mag-atubiling ipaalam ito sa mga tamang tao at sa tamang panahon. Maging handa ka para idepensa ang iyong mga suhestiyon, ideya at opinyon, at maging bukas-palad ding tumanggap ng mga puna o pintas mula sa mga kritiko. Sa paraang ito, susubukin ka ng pamunuan kung gaano ka katiyak at kadeterminado sa niisip mong suhestiyon. Maraming bagay na dapat isaalang-alang bago isakatuparan ang isang plano, bagay na dapat mong pag-isipan at alamin upang pahintulutan ka. Kung ikaw mismo ang susuporta sa sarili mong mga ideya, malayo ang mararating

▸ 9

## Repleksyon...

◂ 8

nito at may posibilidad na maging totoo ang hinahangad mong pagbabago.

**7. Maging masinop sa mga dokumento at sipi ng komunikasyon (e-trails).**

Mag-*save* ng lahat ng importanteng dokumento mapa-*hard* or *softcopy (electronic data)* pa ito lalo na ang mga mahahalagang komunikasyon gamit ang *e-mail*. Naranasan niyo na bang tumanggap ng *e-mail* mula sa isang kakilala na humihingi pa ng kumpirmasyon sa bagay na ipinadala o ipinaalam niya sa iyo? Ito ay dahil balang-araw ang simpleng sagot mo sa kaniya ay magiging basehan o katibayan ng kumpirmasyon o pagsang-ayon mo sa isang pag-uusap. Hindi ito masama, at sa maraming pagkakataon ang kaugaliang ito ay magagamit upang magkaroon ng kaayusan sa bagay na posibleng magdulot ng kalituhan sa hinaharap. Maging organisado sa pagtatabi o pagpa-*file* ng mga dokumento upang mas madali itong matukoy at balikan anumang oras mo kailanganin.

**8. Huwag matakot humindi.**

(Ipagpalagay na ikaw ay gumagawa ng walang katulad at mahusay na trabaho sa iyong kompanya). Kung hindi ka magtatakda ng mga limitasyon ay posibleng makita mo na lamang ang iyong sarili sa isang pauli-ulit na sitwasyon at walang katapusang pagsirko at pagbuga ng apoy (alam mo ang ibig kong sabihin). May hangganan din ang lahat ng bagay at may sukdulan din ang kakayahan kaya't huwag matakot humindi. Kung kailangan mo na ng tulong ay magsabi ka. Kung hindi mo na kaya ay huwag mo ng ipilit pa, sa huli ikaw din lang ang mahihirapan.

**9. Laging pasulong.**

Nais mo bang maging responsable sa tagumpay at maging sa kabiguan ng inyong kompanya? Kung oo, pasulong ka. Nais mo bang umuwi ng eksaktong alas-singko at kalimutan na lang ang mga naantalang trabaho hanggang kinabukasan? Kung oo ang sagot mo, ay hindi paabante ang galaw mo. Ang trabaho ay hindi basta-basta nauubos ngunit kung may disiplina ka, kahit anong dami ng gawain ay kakayanin mo pa. *Think positive!*

**10. Talk Less and Listen More.**

Kung hindi mo pa alam ang hindi mo alam, magtanong ka! Walang mali sa pagtatanong at hindi ito nakabababawas ng katalinuhan, bagkus mas madaragdagan pa ito. Kumausap ng mga taong sa tingin mo ay may mga positibong pananaw. Ang mahuhusay na *mentor* ay maaaring magsabi sa iyo ng mga bagay na hindi mo nakikita at gumabay sa iyo upang hindi ka maging bulag sa mga dapat mong malaman. Sila ang makatutulong sa iyo sa panahong hindi mo inaasahan at mga pagkakataong hindi mo inakalang mararanasan mo. Mahirap mang aminin sa ating mga sarili, ngunit kahit anong galing o husay natin sa isang bagay hindi pa rin natin maaaring sabihing "alam natin ang lahat".

**11. Maging masunurin.**

Ang tanging dahilan upang baguhin ang isang bagay ay upang gawin itong mas epektibo at mahusay. Sa isang kompanya, ang pagbabago ay madalas na sumisimbolo sa pag-unlad at paglago ng negosyo kung kaya't ang mga empleyado ay makakaramdam ng *pressure* upang patuloy na maging produktibo habang sumusunod sa lahat ng patakaran at alituntunin ng kumpanya. Gayundin, ano mang patakarang ipinatutupad ay masusing pinag-aralan ng Pamunuan bago ito ipinalabas upang sundin ng lahat. Hindi ito isang mungkahi lamang o suhestiyon ng mga nakatataas, bagkos ito ay mga solusyon para sa mga nakitang problema at isyu sa loob ng kompanya. At kung ang sistemang ito ay mahusay na naipapatupad sa lahat ng antas ng may disiplina, makikita ang tunay na pagbabago at kalauna'y makasasanayang proseso. Walang mawawala kung susunod ka, mahirap pero pasasaan ba't masasanay ka rin.

**12. Get a life.**

Maganda na natututukan mo ang iyong mga proyekto at responsibilidad sa trabaho at napabubuti mo ang iyong ginagawa, at sa bandang huli ay nagagantimpalaan ang pagod at hirap mo (*corporate rewards and incentives*). Kapag ang lahat ng malalaking proyekto at responsibilidad ay natapos na, mararamdaman mong tila ang orasan ay mabilis ring napihit at ang panahon ay mabilis na lumipas para sa iyo. Ang tanong ay nagkaroon ka naman ba ng sapat na oras para sa iyong sarili at para sa iyong pamilya? Kelan ka huling lumabas para aliwin ang sarili mo kasama ng iyong mga kapamilya o kaibigan? Kung "hindi", at "hindi ko alam" ang sagot mo sa mga tanong ko, malamang hindi balanse ang oras at panahon mo para sa trabaho at sa pansarili. Tandaan na mayroon ka ring sariling buhay o pamilya na dapat asikasuhin at bigyan ng oras. Sabi nga, *"You get what you give"* kaya kung masaya ka sa iyong disposisyon at *personal life* ay madadala mo ito kahit saan, kahit sa trabaho. Laging tandaan ang kasabihan na "*You work to live, but you don't live to work"* kailangan mong balansehin ang oras mo sa trabaho at para sa iyong sarili.

Marami pa ang magagandang kaugalian at kasanayan ang dapat taglayin upang magtagal ka sa iyong trabaho. Sabi nga, "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa" kaya't mainam na pagbutihan ang trabaho - may nakatingin man sa iyo o wala. Malay mo baka isang araw ay ito ang magdala sa iyo sa isang maayos at magandang hinaharap. At lagi nating tandaan, kung walang magandang plano, wala ring pag-asenso, at ang plano ay mananatiling plano kung di mo ikikilos ang katawan mo.









*Ang* **History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold** *ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.*

## Sama-samang Pag-unlad

ni **ARVIN CARBON**

Nagtayo ng isang *crop production business* noong 1985 si Anita M. Aranda, 57 taong gulang na magsasaka mula sa Balete, Batangas. Kaniya itong pinangalanang Feliciano Aranda Agriculture & Farming/Sto. Tribo. Sa ngayon, siya ay pitong taong miyembro na ng CARD SME Bank at kumikita ng nasa apat na milyong piso kada taon.

Ang asawa ni Anita, isa ring magsasaka, ang nag-impluwensya sa kaniya na pasukin ang negosyo na may kinalaman sa agrikultura at pagsasaka.

▸ 11

# STOCKHOLDERS' SECTION

## Isang bukas na liham



Isang mapagpalang araw sa ating lahat. Taos puso kong pinapasalamatan ang CARD sa tulong sa pagtupad ng aking mga pangarap para sa aking pamilya. Isang malaking tulong ang CARD sa pamamagitan ng pagpapautang para sa dagdag na kapital sa aming negosyo. Kaming mag-asawa ay may kaunting negosyo na isang pagawaan ng mga *candy* gaya ng sampaloc, bukayo, penyato, yema, at polboron. Ito ay idini-*deliver* namin sa dalawang *grocery* sa Toril, Davao City. May isa rin kaming *tricycle* na bumabyahe sa barangay namin na pandagdag kita. Sa ngayon, ako ay isang MBA Coordinator at Microinsurance Coordinator. Hindi ko iniisip na makakuha ng *incentive* kundi ay upang makatulong sa kapwa miyembro ng CARD.

Isang *blessing* na maituturing ang pagsali ko sa CARD. Ako ay isang simpleng nanay na nabigyan ng CARD na maging isa sa mga Board of Director ng CARD Bank, Inc. Ako rin ay isa sa mga *stockholder*, at nakapunta sa Thailand para dumalo sa isang *convention.* Lahat ng ito ay hindi ko inaasahan na maranasan bilang isang simpleng kasapi lamang.

Ako ay may anim na anak. Ang CARD ay nakatulong din sa pagpapaaral sa aking panganay na nakapagtapos ng kolehiyo sa kursong Bachelor of Science in Business Administration major in Microfinance. Sa kasalukuyan, siya ay empleyado ng CARD. Dahil doon siya nagtatrabaho, siya ay nakatutulong sa pagpapaaral sa kaniyang mga kapatid. Ang pangalawa naman ay magtatapos na sa kolehiyo ngayong April 2017, ang pangatlo ay 2nd *year* na sa kolehiyo sa kursong Accountancy, ang pang-apat ay nasa Grade 11, ang ika-lima ay Grade 6, at ang bunso ko ay *one year and three months old* pa lamang. Sila po ang inspirasiyon ko sa buhay. Di man kami mayaman ngunit masasabi kong ang edukasyon ang maipamamana ko sa aking mga anak. Sa kasalukuyan, ang asawa ko ay kasapi na rin ng CARD. Ang *loan* na aming nakukuha sa CARD ay ginagamit namin na kapital sa negosyo at sa pagpapaaral sa aming mga anak.

Sa CARD, hindi ka lang nakautang, *insured* pa maging ang pamilya ko, at may *savings* pa na kung may *emergency* ay may magagamit ako. Ang laki rin ng pasasalamat ko sa CARD dahil naging iskolar. ang anak ko at nakapagtapos.

Ang buong pamilya ko ay buong pusong nagpapasalamat sa mga biyayang naranasan ko bilang kasapi at asahan niyo ang lagi kong pagsuporta sa institusyon at pagtangkilik sa mga produkto ng CARD, kasama ang aking kasamahan sa Shanghai 2 Center sa Unit ng Matina.

Ikinagagalak ko na maging kasapi ng CARD. Pagpalain kayo ng Poong Maykapal!

Gumagalang,

*Ruby Coma*


Daily Maintenance PROMO

BotiCARD CARES

BUY 27 AND GET 4 FOR FREE!!

Maintenance Medicine for:

1. Hypertension
   - Amlodipine 5mg
   - Losartan 50mg
   - Metroprolol 50mg
2. Cholesterol
   - Simvastatin 10mg/20mg
3. Diabetes
   - Metformin 500mg
4. Asthma
   - Salbutamol 2mg

Note: For Branded Generic medicines only
Contact us at: 0928-897-1325
or email us at: boticard.ho@gmail.com

BotiCARD Inc.
A member of CARD MRI


## Gampanan mo ang iyong pananagutan at nang lahat ng benepisyo ay iyong makamtan

ni GUADA BRION



Napapagtagumpayan ni Nanay Primitiva Lina Baretto ang pangyayari sa kaniyang buhay na sumubok sa katatagan niya bilang miyembro ng CARD.

Mahigit isang dekada na ang nakalipas ng maging CARD Bank *stockholder* si Nanay Lina. Tandang-tanda pa niya nang una niyang matanggap ang kaniyang dibidendo. "Natanggap ko ng *cash* ang aking dibidendo, nakasobre pa yon, siguro nasa mahigit na isang buwan ko iyong hindi ginastos."

Nagpasya siyang ipunin ang mga dibidendo na matatanggap taon-taon. Kaya naman, ang unang *shares* niya na nagkakahalaga ng Php4,000 ay nadagdagan pa. "Labis akong natuwa dahil bukod sa hindi ko nagagastos ang aking pera ay kumikita pa ito ng higit na mas malaki kumpara sa *regular* na *savings* sa banko."

Bilang pasasalamat ay hinikayat niya ang kaniyang mga ka-miyembro na maging *stockholder* din. Paalala niya na huwag silang mag-*withdraw* at sa halip ay patuloy na mag-ipon pa. Subalit dumating ang pagkakataon na nakaranas siya ng kagipitan. Ang kaniyang bunsong anak ay nangailangan ng pera para sa OJT, na noon ay nasa huling taon na sa kolehiyo. Nagkataon naman na nagkasakit ang kanyang asawa. Di sapat ang kaniyang *savings* at kailangan pa niyang magbayad para sa lingguhang obligasyon sa CARD. Matagal niyang pinag-isipan pero kahit anong isip niya ay wala siyang makitang ibang paraan kundi ang ipagbili na lamang ang kaniyang *shares of stocks*. Pinaalam niya ito sa matalik niyang kaibigan, ngunit sa halip na tulungan siyang bilhin ang kaniyang *shares* ay ipinaalala nito sa kaniya kung gaano kahalaga ang pagiging *stockholder.* Kaya laking pasasalamat niya na hindi niya naipagbili ang kaniyang *shares*. Pinahiram na lamang siya nito ng pera na nakatulong para matugunan ang kaniyang pangangailangan. Subalit alam niyang di pa rin ito sasapat, kailangan niyang makaisip ng paraan para mapunan ang pangangailangan nila sa araw-araw. Kaya nag-*avail* siya ng *additional loan* sa CARD at ginamit niya ito bilang panimulang puhunan sa pagtitinda ng isda. Dahil dito ay nagkaroon ng karagdagang *income* ang kanilang pamilya at lalo pa siyang nakapag-ipon.

Sa ngayon ay katuwang siya ng kaniyang asawa sa kanilang palayan. Nakatapos ng pag-aaral ang tatlo nilang anak at may maayos ng pamumuhay, kung saan ang isa ay nagtatrabaho na rin sa CARD. Masaya niyang ginagampanan ang kaniyang tungkulin bilang miyembro ng CARD at ramdam niya ang maraming benepisyo. Pero para sa kaniya, pinakamahalaga sa lahat ay ang nakamtan niyang respeto.

# Gawad Maunlad National Awardee 2016, nag-donate sa Zero Dropout Program

ni **CHARLENE ESPENILLA**

Nagbigay ng tulong sa Zero Dropout Program si Mera Flor Dumalaoron, Gawad Maunlad National Awardee 2016. Nang malaman niya ang nasabing programa ng CARD, Inc., hindi siya nagdalawang-isip na ibahagi ang PHP2,000 na kaniyang napanalunan sa nasabing programa upang makatulong na pag-aaral ng isang bata sa elementarya.

Katulad ng ibang mga nanay, layunin niya na mapag-aral ang kaniyang anak. Hindi lingid sa kaniyang kaalaman na may mga batang gustong makapag-aral pero walang sapat na pera, kaya naman buong puso niyang ibinigay ang suporta at tulong sa Zero Dropout Program. Isang *education loan program* ang Zero Dropout na bukas para sa lahat na may mga anak sa elementarya. Makatutulong ito upang masuportahan ang mga pangangailangan ng mga estudyante sa paaralan tulad ng uniporme, gamit sa eskuwela, pambayad sa mga proyekto, at iba pa.

**Pangarap at Pagkilala**

Isang simpleng may bahay si Mera Flor, puno ng pangarap para sa pamilya, at sumubok na magnegosyo. Silang mag-asawa ang nagtutulungan sa kanilang negosyo. Habang siya ang namamahala sa *finance,* ang kaniyang asawa naman ang nasa *field.* Bukod dito, ang ilan sa kanilang mga trabahador ay kapamilya at mga kapitbahay.

Dahil sa dedikasyon at magandang pagpapatakbo ni Mera Flor sa kaniyang negosyo at pagiging responsableng miyembro ng CARD, naroon din ang kaniyang hangarin na matulungan ang mga kamag-anak niya maging ang mga kapitbahay at mga kasama sa komunidad. Dahil dito naging nominado siya sa Pagkilala sa Mga Likha ni Inay 2016. Sa ipinamalas na angking kagalingan ni Mera Flor, itinanghal siya bilang Gawad Maunlad Awardee sa kaniyang institusyon at tumanggap siya ng PhP50,000 *cash prize, computer package* na nagkakahalagang PhP40,000, bulaklak, at plake. Kasabay nito, siya rin ang itinanghal na Gawad Maunlad National Awardee at tumanggap ng PhP100,000 *cash prize,* bulaklak, at plake. Ginanap ito sa CMDI Bay Laguna noong ika-16 ng Disyembre 2016.

**Patuloy na paglago**

Ang kaniyang napanalunan na PhP100,000 ay ginamit para makapagpatayo ng bagong *grocery store.* Kanila ring inaayos ang paglago ng kanilang *piggery* at magtatayo na rin sila ng *poultry.*

**Ang Zero Dropout Program**

Nagsimula ang Zero Dropout noong 2011, na naglalayong matulungan ang mahihirap na pamilya at mapagtapos ang kanilang mga anak sa elementarya. Unang pinondohan ito ng WS Family Foundation sa CARD, Inc. Katuwang ang CARD MRI, nais nilang matulungan ang mga mahihirap na pamilya sa buong

▸ 12




Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 9000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of more than 3 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

AVAILABLE POSITIONS:

> Account Officers
> Corporate Legal Officers
> Internal Auditors
> Tellers
> Bookkeepers
> Hardware Support Assistant
> Marketing Assistants
> IT Operator
> Application Developer
> Insurance Processors

Please log in to http://www.cardmri.com/hrcareers/ and submit your application.

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions


## Sama-samang pag-unlad... ◂ 9

Elementarya lamang ang natapos ng mag-asawa, at ito ang naging dahilan upang mag-isip pa sila ng ibang paraan para kumita upang matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya. Naakit sila na alamin ang industriya ng pagsasaka dahil ang magulang nila ay mga magsasaka rin. Nanghiram ang mag-asawa ng pera mula sa kanilang mga *supplier* at nabayaran naman nila ito agad nang sila ay kumita na. Nagsimula ang mag-asawa na magtanim ng mais sa dalawang ektaryang lupain. Dahil na rin sa kanilang pagsusumikap at pagtitiyaga, ang kanilang lupain ay lumaki hanggang sampung ektarya, at hindi nagtagal, naging 50. Sa paglaon, ang *crop production* ang pinagkukunan nila ng kita.

Habang lumalago ang negosyo, nakita nila ang pangangailangan na mag-*invest* sa makina at iba pang kagamitan na magpapadali ng kanilang trabaho. Nagdesisyon si Anita na sumali sa CARD, at katulad ng ibang mga miyembro, nagsimula siya sa utang na PhP3,000 lamang. Sa bawat paghiram ng kapital, sinigurado niya na nakabili siya ng baka, sasakyan, makina, at lupa.

Ang negosyo ng pagsasaka ay masasabing pana-panahon. Sila ay nagtatanim ng *sweet corn* tuwing Mayo hanggang Hunyo, na siya namang kanilang aanihin tuwing tag-ulan. Habang ang *hybrid corn* naman ay itinatanim mula Nobyembre hanggang Disyembre at aanihin tuwing tag-init. Bukod sa kanilang negosyo ng mais, sinubukan din nila ang iba pang mga pananim katulad ng pipino, kamatis, at ampalaya.

Bukod sa pagbuhay sa

▸ 12

## Health education... ◂ 8

mga doktor, nars, *medical technologist*, PhilHealth, mga klinik, ospital, at iba pang MFIs upang makatulong sa paghahatid ng mga serbisyong medikal sa kanilang mga kliyente. Nagsasagawa rin sila ng Community Health Days (CHD) sa buong bansa. Noong Disyembre ng nakaraang taon, umabot na sa higit 230,000 kliyente ng CARD MRI, mga benepisyaryo nito, at kahit hindi miyembro ng CARD sa buong bansa ang naserbisyuhan ng institusyon. *Highlight* ng *segment* ang tungkol sa altapresyon at ang mga posibleng sanhi nito at kung paano ito maiiwasan. Ito ang pangkaraniwang sakit na hinaharap sa CHD.

Magpapatuloy ang CARD MRI sa pagiging *regular* na *guest* sa Radyo ng Bayan upang ibahagi ang mga kasagutan sa mga katanungan tungkol sa kalusugan, at upang bigyang kaalaman ang publiko tungkol sa ibinibigay na mga serbisyong medikal ng CARD MRI, sa mga kliyente nito.

# Student Driver: Isang kuwento ng inspirasyon

ni **JEFF TANDINGAN**




Labinlimang taon na pinunan ng dedikasyong nagbigay inspirasyon sa mga taong naging bahagi ng kaniyang milya-milyang paglalakbay.

Isang kuwento ng estudyanteng drayber ang isa sa mga nagbigay-buhay sa isang pagtitipon-tipon sa CARD MRI.

Asawa, ama, drayber - ito ang mga titulong hawak ni Noel Briones, 43, sa mahabang panahon. Ngunit sa matagal at mahusay niyang paninilbihan sa CARD ay nabigyan siya ng pagkakataong makabalik muli sa pag-aaral, at muling maging estudyante.

Baon ang kaniyang mga natutuhan mula sa kaniyang mga naging desisyon noon, si Noel, ay aktibo ngayong mag-aaral ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) na kumukuha ng BS Entrepreneurship with specialization in Microfinance.

Bagamat isa itong napakagandang oportunidad para kay Noel, siya ay napuno ng alinlangan. Ang ideyang siya ay 'matanda na' para magbalik sa pag-aaral ang siyang bumagabag sa kaniyang isipan.

Hindi niya maipinta sa kaniyang isipan na magsusuot siya ng damit na may mahabang manggas, nakakurbata, itim na pantalon at sapatos pagkatapos niyang matanggap ang kaniyang diploma. Hindi man isang empleyado sa isang korporasyon ang kaniyang naiguguhit sa kaniyang isipan, naging motibasyon ni Noel ang kaniyang mga anak sa kaniyang pag-aaral. Pinipilit niyang maging mabuting ama at halimbawa sa kaniyang mga anak. "Hindi ko maaaring pilitin silang [mga anak] mag-aral kung ako mismo ay pakakawalan ang oportunidad na ito," pagbabahagi niya.

Patuloy na nagsisilbing drayber si Noel ng CARD MRI habang nag-aaral. Sa ngayon ay nasa ikalawang taon na siya sa kaniyang kurso at patuloy na nagpapakita ng husay sa pag-aaral. Kahit kasabay ng kaniyang pag-aaral at paghahanapbuhay, nagawa ni Noel na makabilang sa Dean's List na patunay ng kaniyang pagsusumikap.

Sa kaniyang pagbabahagi ng kuwento, naging malaki ang kaniyang pasasalamat sa CARD dahil sa pagbibigay sa kaniya ng mga oportunidad at aral na kaniyang natutuhan mula sa mga *executives* ng CARD.


Ang pagkakaroon ng pagmamahal sa kaniyang ginagawa ang isa sa pinakamagandang natutuhan niya sa CARD. "Masyadong nilang pinalaki ang aking puso na kaya ko ng magbahagi nito sa marami." Labis ang kaniyang pasasalamat kay Dr. Jaime Alip at Gng. Dorie Torres sa paniniwala sa kaniya, sila rin ay nagsisilbing inspirasyon upang patuloy siyang magpursigi sa pag-aaral.

Sa kaniyang patuloy na paglalakbay, patuloy rin siyang nagbibigay inspirasyon sa mga taong kaniyang nakasasalamuha. Sa bawat kuwento ng pagsusumikap, may mga tao tayong nabibigyan ng pag-asa upang ipagpatuloy nila ang kanilang sariling laban.










## Gawad Maunlad... 11

bansa na hindi kayang mapag-aral ang kanilang mga anak sa elementarya. Naniniwala ang CARD MRI na ang edukasyon ay isa sa mga susi upang matulungan ang ating mga kababayan na makaahon sa kahirapan. Layunin ng CARD na walang bata ang hihinto sa pag-aaral ano man ang kanilang katayuan sa lipunan. Sa kasalukuyan, natulungan na ng Zero Dropout Program ang higit sa 414,000 kabataan sa elementarya sa buong bansa.

Patuloy na tumutulong ang Zero Dropout Program sa marami pang pamilya, at bukas para sa sino mang nais makibahagi at magbigay ng tulong. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 at hanapin si Joseph Corcega o bisitahin ang *webpage* ng Zero Dropout Program: www.cardmri.com/zerodropout/.

## Sama-samang pag-unlad... 11

kaniyang pamilya, gusto rin ni Anita na tumulong sa kaniyang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho. Aniya, kaniyang tinatanggap ang mayroong alam sa pagsasaka at may layunin ding makatulong sa sarili at kani-kanilang mga pamilya.

Kalimitang kalaban ng mga magsasaka ang malalakas na bagyo ngunit sinisigurado ng pamilya Aranda na palagi silang handa. Sinusuong nila ang panganib upang maitanim muli ang mga nasalanta ng bagyo. Sa gitna ng mga pagsubok, palagi silang umaahon, nagpapatuloy sa pagpapatakbo ng kanilang negosyo, at pinapaalala sa kanilang mga sarili na ganito ang buhay ng mga magsasaka.

Itinuturing ni Anita ang CARD, partikular na ang *Agri-loan program* ng CARD SME Bank, bilang pinagkakatiwalaang katuwang sa kaniyang negosyo.